

# Mga balita sa Tsu


Tsu City International Exchange Association  
23-1 Nishi Marunouchi Tsu City [Tel:059-229-3146](tel:059-229-3146)  
<http://tiea.jp> E-mail:info@tiea.jp

Pebrero 2024

タガログ語



## TIYAKING LUMIKAS KAAGAD KAPAG NAG-ANUNSYO NG "UTOS NG PAGLIKAS"

<b>Alert level 5</b>	<b>"Kinkyu Anzen Kakuho"</b> Papalapit na o kaya nangyari na ang sakuna	Nasa delikadong sitwasyon at nasa peligro ang buhay. Lumikas na kaagad at huwag ng hintayin pa ang pag-anunsyo ng alert level 5.
<b>Alert level 4</b>	<b>"Hinan Shiji"</b> Mataas ang posibilidad na magkaroon ng sakuna	Siguraduhing lumikas na ang lahat ng mga nasa delikadong lugar kapag nag-anunsyo na ng "utos ng paglikas" sa alert level 4.
<b>Alert level 3</b>	<b>"Koureisha nado Hinan"</b> May mga posibilidad na magkaroon ng sakuna	Sa mga matatagalan sa paglikas gaya ng matatanda at mga may kapansanan, lumikas na kaagad kayo kapag nag-anunsyo ng paglikas para sa matatanda at iba pa sa level 3.
<b>Alert level 2</b>	<b>"Oame, Kouzui, Takashio, Chuuihou"</b> Lumalala ang sitwasyon ng panahon	 <div style="border: 1px solid blue; border-radius: 15px; padding: 10px; display: inline-block;">                 Siguraduhing lumikas na kaagad kapag nag-anunsyo na ng alert level 4             </div>
<b>Alert level 1</b>	<b>"Souki Chuui Jouhou"</b> May mga posibilidad na lumalala ang sitwasyon ng panahon	

Ang paglikas ay hindi lamang tungkol sa pagpunta sa mga evacuation site gaya ng community center at paaralan. Ang paglikas ay nangangahulugan ng "pag-iwas" sa "panganib".

### Nasa ibaba ang 4 na aksyon na pwedeng gawin

1. Lumikas sa evacuation site na itinalaga ng pamahalaan.
2. Lumikas sa ligtas na tahanan ng kamag-anak o kakilala..
3. Lumikas sa ligtas na Hotel
4. Tiyakin ang kaligtasan kapag nasa loob ng bahay.

## DISASTER PREVENTION DRILL PARA SA MGA DAYUHAN



Dito sa japan, marami ang nangyayaring likas na sakuna o kalamidad. Ano ba ang mga dapat gawin kung magkaroon ng malakas na lindol at bagyo dito sa Tsu? Paano kung masira ang bahay? At paano kung magka-injury?

Sa drill na ito, pag-aaralan kung paano poprotektahan ang sarili at ang pamilya kung sakaling magkaroon ng malaking sakuna. Sa mga hindi marunong mag-Japanese, mayroon ditong interpreter kaya huwag kayong mahihiyang sumali.

**[Petsa]** Pebrero 17, 2024 (Sabado) 13:30—15:30

**[Lugar]** Tsu Region Plaza (Sa tabi ng Tsu City Hall)

**[Paksa]** Saan ba ang evacuation center na malapit sa bahay?

Tungkol sa pagtawag ng ambulansya at pagbigay ng first aid. Mga impormasyon para sa pag-iwas sa kalamidad (ano ba ang pagkakaiba ng babala at anunsiyo ng pag-iingat at iba pa?)

Para sa mga katanungan: **Shimin kouryu-ka** ☎ 059-229-3146



## PARENTING SUPPORT GATHERING PARA SA MGA DAYUHANG INA

\*May mga pagkakataon ba na nahihirapan kayo sa pagpapalaki ng inyong anak dito sa Japan?

\*Halina't subukang makipag-usap sa iba ring mga dayuhang nanay.

\*Mayroon din ditong nanay na marunong makipag-usap sa English.

• **Walang bayad ang pagsali** • **Hindi kailangan ng reserbasyon** • **Pwedeng isama ang bata**

**Kailan:** Pebrero 20, 2024 (Wed) 10:30-12:00 (Punta lamang kayo sa oras na gusto niyo)

**Lugar:** Center Palace 2nd Floor Japanese style room

**Nilalaman:** Mayroon ding lesson ng stretching exercise para sa mga nanay.

**<Para sa mga katanungan>**

WELCOME (Consultation desk para sa mga dayuhan)

☎ 059-6874-2643 [welcome2020@outlook.jp](mailto:welcome2020@outlook.jp)

Pwede ring sumali ang mga Japanese

## ADMISSION SA ELEMENTARY AT JUNIOR HIGH SCHOOL

Ipinadala na po ang admission notice noong Enero 19 (Biyernes) sa mga magulang ng mga batang papasok sa compulsory education (elementary at junior high school) sa darating na pasukan sa Abril. Mangyaring tumawag lamang kung may mga sitwasyong tulad ng sumusunod.

- Walang natanggap na admission notice
- May mali sa mga nakasulat sa admission notice.
- Nais humingi ng pahintulot para sa pagbago ng papasukang paaralan.
- Kapag magbabago ng papasukang paaralan dahil lumipat ng tirahan.

### ~TULONG PINANSYAL PARA SA MGA GASTUSIN SA PAARALAN~

Ito ay tulong pinansyal para sa ibang bayarin ng mga pamilya na kapos sa pinansyal para sa pagpapaaral ng anak sa kompulsaryong edukasyon. Kung nais niyong mag apply sa tulong na ito, mangyaring magtanong lamang sa paaralan na papasukan ng inyong anak.

### Mga gastusin sa paaralan na sakop ng tulong

- Mga bayarin sa pagpasok at mga gamit sa paaaralan
- Bayarin sa school lunch
- Bayarin sa excursion
- Bayarin para sa gamit sa eskuwela ng mga bagong mag-aaral
- Bayarin sa school tour (aktuwal na gastos)
- Gastusing medikal (mga sakit na itinakda sa artikulo 8 ng School Health and Safety Act, tulad ng mga sirang ngipin, conjunctivitis, otitis media at iba pa).

< Para sa mga katanungan >

Tsu City Board of Education School Education Division ☎ 059-229-3245

Lisensya  
na  
pwedeng  
makuha

## METAL WELDING COURSE

- JIS basic welding certification (SA-2F, SA-3F A-2 F)
- Certification of skill training course for gas welding.
- Certification of special education in Arc Welding.
- Certification of special education in grinding wheels.
- (Optional) Slings skill / Tamakake training course certification



**Training period:** Abril 9, 2024 (Tue) hanggang Setyembre 4, 2024 (Wed) (6 na buwan) 8:30 am - 3:40 pm

**Tuition Fee:** Libre ang matrikula subalit mayroong babayaran na 20,000 yen sa pagpasok para sa safety gears, uniporme at accident insurance.

**Mga maaaring mag-aral:**

- Mga nais kumuha ng skill at gustong magtrabaho sa metal forming.
- Mga dayuhan na walang restriction sa VISA para magtrabaho.
- Mga wala pang masyadong karanasan sa pagtatrabaho o hindi pa nakaranas magtrabaho.

**Selection at interview:** Pebrero 19, 2024 (Mon), Marso 6 (Wed) at Marso 22, (Fri)

Sa mga interesadong mag-aral, kailangan niyo pong pumunta sa araw ng entrance selection kaya tiyaking magtanong muna sa Hello Work.

**Nilalaman ng entrance selection test:** Paliwanag tungkol sa training, paraan ng rehistrasyon, IQ test, Hiragana test at personal interview.

**Mga kailangang dalhin sa araw ng examination:** Panulat (black ballpen, lapis, pambura), Inkan, Zairyu card (Residence card), hellowork card, sertipikasyon ng pagtanggap ng unemployment insurance, Identification card (Driver's license, Health Insurance card o iba pa).

Note: Kumunsulta lamang sa incharge at huwag susuko ng dahil lang sa walang kumpiyansa sa pagsasalita ng Japanese.

< Para sa mga katanungan at aplikasyon >

Mie Kenritsu Tsu Kouto Gijutsu Gakkou Tsu city Takachaya Komori-cho 1176-2

Incharge : Kato at Kitamura ☎ 059-234-3135 FAX 059-234-3668

## ARC WELDING SPECIAL COURSE

**Schedule:** Marso 12 (Tue) – Marso 14 (Thu) 2024 (3 araw) 8:40 am-5:00 pm

**Mga maaaring mag-aral:**

- Mga nangangailangan ng safety education para sa pag-handle ng Arc welding equipment.
- Mga dayuhan na walang limitasyon sa visa para sa pagtatrabaho. ✖Kailangang marunong din ng basic Japanese conversation at marunong magsulat at magbasa ng hiragana.

**Bilang ng kailangang mag-aaral:** 5 katao (first come, first served)

**Tuition fee:** 8,000 yen (Kasama na dito ang bayad para sa textbook.)

**Nilalaman ng training:** Educational program base sa Industrial Safety and Health Act.

- Training kung paano gumamit ng Arc welding Equipment
- Ang certificate ng arc welding special course ay ibibigay pagkatapos makumpleto ang kurso.

**Panahon ng aplikasyon:** Pebrero 1 hanggang Marso 1, 2024 (9:00am-4:30pm)

< Para sa mga katanungan at aplikasyon >

Mie-ken Jinzai Kaihatsu Center Tsu city Takachaya Komori-cho 1176-2

☎059-234-6883

Pagkatapos tumawag, pumunta at mag-apply lamang sa "Mieken Jinzai Kaihatsu Center"

# DEKLARASYON NG MUNICIPAL TAX

Ang final income tax return o "Kakutei Shinkoku" ay ang pagkalkula ng income tax base sa idineklarang kita mula Enero 1 hanggang Disyembre 31. Kung kayo ay nabibilang sa alinman sa sumusunod, kailangan niyong mag-file ng deklarasyon.

## < Mga kailangang mag-file ng income tax return >

- Mga may sariling negosyo (Mga may sariling tindahan o iba pa)
- Mga tumatanggap ng sweldo na hindi nag-file ng year-end tax adjustment sa kumpanyang pinapasukan.
- Mga nag-file ng year-end tax adjustment subalit nais baguhin ang bilang ng mga dependents (sinusuportahang pamilya) o iba pa. (Nais magdagdag ng dependents)
- Mga tumatanggap ng sweldo mula sa mahigit dalawang kumpanya.

## < Lugar at oras >

**Lugar:** Mie-ken Kyouiku Bunka Kaikan 5th Floor (Tsu City Sakurabashi 2-142)

**Period:** Mula Pebrero 16 (Biyernes) Hanggang Marso 15 (Biyernes)

**Oras:** 9:00 am hanggang 5:00 pm

**Note:** Sarado tuwing Sabado at Linggo subalit, bukas ito sa Pebrero 25 (Linggo).

## < Mga kailangang dokumento (requirements) >

- ① Residence Card
  - ② Dokumento na maaaring makumpirma ang "my number"
  - ③ Withholding tax slip (Gensen)
  - ④ Inkan (seal)
  - ⑤ Passbook
  - ⑥ Remittance Certificate
  - ⑦ My number ng mga dependents
  - ⑧ Mga dokumento na magpapatunay ng relasyon sa dependents o iba pa.
- ※ Posibleng hingian ng karagdagang dokumento depende sa nilalaman ng deklarasyon.

## < Para sa mga katanungan >

Tsu Tax Office ☎059-228-3131

## MGA KLINIKA SA TSU CITY NA BUKAS TUWING LINGGO O HOLIDAY

May mga pagkakataon na sarado ang mga ito minsan o kaya kailangang magpareserba kaya siguraduhing tumawag muna bago kumunsulta.

### Bukas tuwing Linggo at Holiday

Clinical Department	Pangalan ng Medical Institution	Address	Oras ng tanggapan	Telepono
Ophthalmology	Tokai Ganka	Hadokoro-cho 399	8:00~12:00 (24 oras na bukas para sa emergency)	059-228-8111
Dentistry	Cocoa dental clinic	Takachaya Komori-cho 145 (Tsu minami AEON Mall 2F)	10:00~12:30 14:30~20:00 (Kailangan ng reserbasyon)	0120-558-340

### Bukas tuwing Linggo

### Note: Tumawag muna kapag may lagnat

Clinical Department	Pangalan ng Medical Institution	Address	Oras ng tanggapan	Telepono
Internal Medicine, Surgery	Ohashi Clinic	Sakurabashi 3-chome 61-4	8:50~11:30 13:00~14:30	059-246-1000
Internal Medicine	Saitou Naika	Shin Higashi Touse 23	9:00~11:30	059-223-0313
Internal Medicine	Tsu Kasura Bashi Clinic	Sakurabashi 3-chome 446-20	8:55~11:45	059-271-9271
Orthopedics Rheumatoid Arthritis	Mie Tsukushi Shinryojo	Takachaya komori machi 1812-2	9:00~13:00 14:00~17:00	059-235-2068

### Bukas tuwing holiday

Clinical Department	Pangalan ng Medical Institution	Address	Oras ng tanggapan	Telepono
Internal Medicine • Plastic surgery, Dermatologist	Yuri Keisei Naika Seikei	Yanagiyama Tsuoki 3306	9:00~12:00 15:00~17:30	059-221-0500

## KAPAG GUSTO NIYONG MALAMAN KUNG SAANG MEDICAL INSTITUTION PWEDENG MAGPATINGIN...

Mie Emergency Medical Information Center  
(Bukas 24 oras at buong taon)  
☎059-229-1199

Mie Emergency Medical Information sa internet

Para sa PC at smart phone <http://www.qq.pref.mie.lg.jp/>  
Iba pang mobile Phone: <http://www.qq.pref.mie.lg.jp/k/>

Tsu City Emergency & Health Consultation Dial  
(Bukas 24 oras at buong taon)  
☎0120-840-299

Pwede kayong kumunsulta sa espesyalista sa kalusugan gaya nurse at doctor sa pamamagitan ng telepono.

# DISTRIBUSYON NG PAGKAIN SA MGA SOLO PARENT

**Eligible:** Mga single parent na nakatira sa Tsu City at mayroong anak na ipinanganak mula Abril 2, 2005 pataas.

**Tanggapan** Pebrero 1 (Thu), 2 (Fri), 3 (Sat), 5 (Mon), 6 (Tue), 7 (Wed), 8 (Thu) Oras: 8:30-17:15

Pagkatapos mag-apply sa pamamagitan ng telepono, i-scan lamang ang QR code at pakisagutan ang survey form.

**Paraan ng pagtanggap** • **Padala sa koreo:** Schedule ng pagpadala, Pebrero 26 hanggang 29

**Lokasyon kung nais kunin ng personal**

• Shakai Fukushi Kyougikai sa 3F ng Tsu Center Palace (514-0027 Tsu-shi Daimon 7-15) **Pebrero 20, 2024** Oras: 18:30-20:30

• Hisai Sougou Fukushi Kaikan South Hall 1F (514-1136 Tsu-shi Higashi Takato-machi 20-2) **Pebrero 21, 2024** Oras: 18:30-20:30

< Para sa mga katanungan >

Tsu-shi Shakai Fukushi Kyougi-kai Chiiki Fukushi-ka ☎ 059-213-7111

200 na maunang pamilya



Libre

## PROPERTY TAX AT CITY PLANNING TAX

Sa **Pebrero 28 (Miyerkules)** na po ang due date ng (ika-4) na bayarin para sa property tax at city planning tax. Huwag itong kalilimitang bayaran sa pinakamalapit sa inyong banko, post office o kaya convenience store. Pwede niyo ring gamitin ang pinakamadali na bank transfer.

< Para sa mga katanungan >

Tsu City Hall Tax Collection Division

☎ 059-229-3135



## KONSULTASYON PARA SA MGA DAYUHANG RESIDENTE

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa mga pamamaraan sa city hall gaya ng bayarin sa buwis, social assistance, edukasyon at iba pa, mayroon po tayong interpreter sa International Exchange Section (Shimin-koryu-ka) sa wikang **Portuguese, Spanish, English** at **Tagalog** kaya huwag kayong mag-atubiling kumunsulta. Mayroon din ditong interpreter sa 14 na wika sa pamamagitan ng video call gamit ang tablet.

< Para sa mga katanungan >

International Exchange Section

Shimin-koryu-ka ☎ 059-229-3102

## POPULASYON NG MGA DAYUHANG RESIDENTE SA TSU

(Kasalukuyan ng Enero 1, 2024)

Bansa	Populasyon	Nadagdag at na bawas sa 1 buwan
1 Brazil	2,256	8
2 Philippines	1,784	-13
3 Vietnam	1,697	7
4 China	1,263	-18
5 Indonesia	620	0
6 Nepal	520	0
7 Bolivia	431	5
8 Korea	403	-4
9 Myanmar	259	18
10 Thailand	250	-6
Iba pa	856	10
Total	10,339	7
Populasyon ng Tsu	271,000	-164

## GAMBARUKAI

~Japanese class~

**Lugar :** Takachaya Shimin Center

**Oras :** 6:30 - 8:00 pm (Kada Sabado)

**Bayad :** Adult • 100 yen 1beses Bata • Libre

★ Sali na sa Japanese Class!

★ Tuturuan dito ang mga bata sa kanilang homework.

★ May mga volunteer na tumutulong sa pagtuturo.

## JAPANESE CLASS

**Venue :** Tsu Center Palace 2F

Chuo Kominkan

**Oras:** 6:00 pm- 7:45 pm

**Klase sa buwan ng Pebrero**

Petsa: (4, 11, 18, 25)

**Fee :** Libre

Para sa mga katanungan

Shimin-koryu-ka

☎ 059-229-3146

## VOLUNTEER JAPANESE-LANGUAGE CLASS PARA SA BUWAN NG PEBRERO

Tsu Region Plaza 2F	Geino Sougou Bunka Center 2F	Hisai Sogo Fukushi Kaikan	Kawage Kominkan 2F
Sabado	Sabado	Biyernes	Linggo
10, 24	3, 17	2, 9, 16	4, 18, 25
14:00~15:30	18:00~19:30	19:00~20:30	13:00~16:00
Tsu-shi Nishimarunouchi 23-1	Tsu-shi Geino-cho Mukumoto 6824	Tsu-shi Hisai Higashi-Takatomachi 20-2	Tsu-shi Kawage-Cho Hamada 742
☎ 059-229-3146	☎ 059-265-6000	☎ 059-255-8839	☎ 059-244-1701